

Prologue



“Seryoso ba kayo?” hindi makapaniwalang tanong ni Warren nang sabihin ng kanyang mga magulang ang kondisyon ng mga ito bago siya pamanahan.

“Stop this, son. You are getting out of control,” anang kanyang ama habang tila maiiyak sa isang tabi ang asawa nito.

Getting out of control? Bakit? Ano ba ang ginawa niya? He only had a drink with some friends and ended up in bed with some random woman. Bilang isang single at available na lalaki ay wala siyang nakikitang masama roon.

“Ano pa ba’ng gusto n’yo? I left the gang. I worked my ass off and finished my studies. I’m

currently in a firm, so ano pa?”

“Honey, we only want what’s best for you. Oras na para magseryoso ka. Paano ka na kapag wala na kami?” nag-aalalang katwiran ng babae sa tabi ng kanyang ama.

“Huwag mo ’kong pangaralan. I’m not your son.” Hindi napansin ni Warren ang paglipad ng kamao ng kanyang ama, dahilan upang bumagsak siya sa sahig. Hindi ganoon kalakas ang suntok, kaya hindi niya alam kung bakit ganoon na lang kasakit iyon sa kanya.

“Don’t talk to her like that. She might not be your real mother but she is my wife!” Puno ng galit ang boses nito habang pinipigilan ito ng kanyang madrasta na lumapit at saktan siyang muli.

Bumangon si Warren mula sa pagkakalugmok at pinahid ng likod ng kanyang kamay ang dugong dumaloy dala ng pagputok ng kanyang labi. Tinitigan niya nang may masidhing poot ang kanyang ama.

“Why are you doing this to me? Kulang pa ba ang ginawa mo kay Kuya? You want me to be like him? To act like I’m your lapdog?”

Lalong nagtiim-bagang ang ginoo pagkarinig sa kanyang sinabi. Walang nagawa ang asawa nito nang lundagin siya ng dating sundalo upang

patamaan ng malalaki nitong kamao.

Sinubukan niyang depensahan ang sarili. Kahit yata may black belt title siya sa judo ay hindi iyon uubra sa ilang taong karanasan ng kanyang ama sa militar. Pinaulanan siya nito ng mga suntok at wala siyang nagawa kundi umilag at sumangga.

Nang pumagitna ang kanyang madrasta at isangga ang katawan nito sa pagitan nila ay walang nagawa ang kanyang ama kundi tumigil.

“You may be my son pero hindi ibig sabihin na hindi kita kayang saktan. Your attitude is rotten! Ganito ba ang igaganti mo sa lahat ng ginawa namin para sa 'yo? All I asked is that you stop acting like a child!”

“So to make me stop acting like a child ay gusto mong gawin ko ang ipinagagawa mo? How would that help? Sa tingin mo ba pag natali ako I would change?” nanunuya niyang tanong sabay tawa.

“You're wrong!”

Warren didn't like the idea. Hindi niya gustong matali sa ano mang commitment. Ang masaklap nito ay sa babaeng iyon pa siya matatali. Hindi niya hahayaang mangyari ang bagay na iyon kahit magunaw pa ang mundo. He hated her so much...

“Sa tingin mo ba ay may magagawa ka? For such a wimp like you na walang alam kundi magdulot ng

kahihiyang sa pamilyang 'to, you will simply do as I say.”

Ganito manakot ang kanyang ama. He knew that sentence well dahil lumaki siyang may takot doon. His brother was scared enough to do everything their father wanted, pero iba siya. Hinding-hindi niya ipapakita ang kaduwagang ipinamalas ng kanyang nakatatandang kapatid. He would make his dad suffer. Patutunayan niya rito na hindi siya isang hayop na dapat paamuin at pasunurin.

Pero alam din ni Warren na kapag hindi siya umayon sa gusto nitong mangyari ay mas malaking disadvantage sa parte niya ang kahihinatnan nito. Noon pa man ay plano na niyang magtayo ng sarili niyang firm, pero kulang siya sa magagamit na kapital.

Hindi siya bobo para talikuran ang yaman na dapat lamang para sa kanya. After all, it was his mother's money. Mayaman ang kanyang ina nang mapangasawa ito ng ama niya. Ipinagkasundo lamang ang dalawa.

Alam niya ang kwento, na ang totoong mahal ng kanyang ama ay ang madrasta niya ngayon. Minsan, hindi niya maiwasang isipin na baka ang ama niya pa mismo ang gumawa ng paraan upang mawala ang kanyang pumanaw na ina.

It's *his* money. Ayon sa will na iniwan ng kanyang ina, hati sila ng kanyang kuya. Pero nakasaad din sa testamento na makukuha lamang nila ang kanilang mana only when their father gave his consent. Matagal nang nakuha ng kuya niya ang mana nito. William's *shameful* obedience to their father made it easier for him to get the money and move out.

Iyon lang din naman ang kailangan niyang gawin, pero gusto ni Warren, magawa iyon sa paraang hindi siya magmumukhang sunud-sunuran dito. Kailangan, kahit paano ay kontrolado pa rin niya ang sitwasyon. Hindi pwedeng lahat ng kondisyon ay manggaling sa ama.

Warren wanted to get his inheritance. The sooner, the better. Para makawala na siya sa kulungang ito ng magulang.

“Pakakasalan mo si Marietta sa katapusan ng buwang ito and that is final,” mariing pahayag ng ama.

Napalunok si Warren. “I can't...”

Kumunot ang noo nito. “Hindi mo 'ko pwedeng suwayin.”

“You don't understand.” Kung kinakailangang magsinungaling siya ay gagawin niya. “I'm seeing someone else.”

Natigilan ito saglit pagkatapos ay, “Warren, I know you well enough at alam kong nagsisinungaling ka.”

Bahaw siyang tumawa. “Wala akong pakialam kung naniniwala ka o hindi. I’ll get married, pero hindi sa babaeng napili mo. Ako ang magsasabi kung sino ang pakakasalan ko. Huwag mong gawin sa akin ang ginawa sa ’yo ng mga magulang mo nang ipagkasundo ka nila kay Mommy. Siguro naman, alam mo ang pakiramdam n’un.”

Halatang nagulat ang kanyang ama sa narinig. Nabanaag ni Warren dito ang isang emosyong itinuring niya bilang guilt.

“I understand.” Sinalubong nito ang kanyang tingin. “Kung gusto mong makuha ang mana mo, kailangan mo munang magpakasal.”

